MAIL PERMIT No. 2C-17-05-522/ ENTERED AS 1ST CLASS
ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Taon 5 Blg.5 | Hunyo 8-14, 2020 | P10.00



# LIGTAS COVID-19 CENTER NG BACOOR PINASINAYAAN

pahina 2





## PINAGKAKAABALAHAN NI MAUREEN MONTAGNE

pahina 9

## YOUR SAFETY IS OUR PRIORITY AT SM CENTER IMUS



Here in **SM Center Imus,** we keep your safety in mind. Our parking slots enforce social distancing. We are now enforcing a one-slot-apart rule for motorbike riders to help observe proper social distancing.
**#SafeMallingAtSM**
**#SMCares**

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

# LIGTAS COVID-19 CENTER NG BACOOR PINASINAYAAN

**BACOOR CITY--Bagamat nasa GCQ na ang Lungsod ng Bacoor hindi pa din nakampante ang Lokal na Pamahalaan para patuloy na labanan ang Covid-19. Bagkus ay mas lalong sineryoso nito ang mga hakbangin para tuluyang mapuksa ang pandemyang ito.**



Ngayong araw ( June 3) ay pinasinayaan ang newly-renovated Cavite Mayors League Building, ang newly-constructed covered court, at ang newly-installed container rooms para magsilbing karagdagang isolation and quarantine facilities ng Lungsod.

Ang Ligtas Covid-19 Center ng Lungsod ng Bacoor ay gawa sa mga container rooms na ginawang temporary shelter modular houses na mayroong 20 hospital beds para sa mga mild at asymptomatic positive Covid-19 patients na mayroong common bathrooms. Mayroon ding nurses station at doctors' lounge. Ang mga ito ay matatagpuan sa open space sa harap ng STRH.

Ang mga container rooms na ito ay naisakatuparan sa pangunguna ng Pamahalaang Lungsod ng Bacoor katuwang ang mga donors mula sa Future Home Co., Ltd., Almextech Inc., at Jesus V. Del Rosario Foundation Inc. Sila ay nagtulong-tulong para mabuo ang mga airconditioned container rooms sa loob lamang ng mahigit isang buwan.






Ang bagong renovated na Cavite Mayors League building ay kaya ding mag-accommodate ng 20 pasyente. Ang renovation naman sa STRH ay nakapagbigay daan para magkaroon ng karagdagang 50-bed capacity rooms para sa asymptomatic, mild to severe positive Covid-19 patients.

Ang blessing at turnover ceremony ay pinangunahan ni Bacoor City Mayor Lani Mercado-Revilla, DOH Regional Director Dr. Eduardo Janairo at STRH Director Dr. Ephraim Rubiano kasama ang iba pang mga opisyal ng DOH at STRH.

"Sa kasalukuyan ay mayroong 71 recovered patients na tayo sa ating Lungsod. Pasasalamat dahil mabilis ang pagtaas ng ating mga recoveries habang nananatiling 11 ang mga namatay dahil sa Covid-19. 127 ang kabuuang positibong na mayroong 45 active cases." pahayag ni Mayor Lani kaugnay ng kalagayan ng mga kaso ng Covid-19 sa Lungsod.

"Sa ngayon ay nagpapatuloy ang ating targeted mass testing at huwag naman sanang mangyari pero maaaring mangyari na madagdagan pa ang mga kasong ito. At kasunod na ma-detect ang mga ito, kailangang matiyak na sila ay ma-isolate, mabigyan ng tamang treatment hanggang sila ay maka-recover." dagdag ni Revilla.

"Kaya naman, matapos na maipatupad ang mga social distancing measures sa Bacoor, mas papaigting sa ating mga kapasidad sa problemang pang-kalusugan ang ating tinutukan at sinolusyunan. Kaya bukod sa mga existing isolation and quarantine facilities natin na pansamantalang ginamit natin ay mga hotels, motels at inns sa lungsod, ito na tayo ngayon, may sarili na tayong Ligtas Covid-19 Center." pagtatapos ng Alkalde.

Tunay ngang malalabanan ang Covid-19 basta samasama at tulong-tulong ang bawat isa. Together, **We Heal as ONE! PR – PHOTOS BY RS**

# NCIP, namahagi ng face masks sa mga Badjao sa Lucena

**LUNGSOD NG LUCENA, Quezon (PIA)**- Ang National Commission on Indigenous People (NCIP)-CALABARZON ay namahagi kamakailan ng may 1,200 piraso ng face masks sa Badjao communities sa barangay Dalahican at Barra sa lungsod na ito.

Ang pamamahagi ng face masks ay ginawa sa ilalim ng proyektong "Ngiti sa Likod ng Face Masks" na inisyatibo ng NCIP Regional Office kung saan ang face masks ay tinipon ng NCIP mula sa donasyon ng iba't-ibang pribadong indibidwal at grupo.

Tumulong sa pamamahagi ng face mask si dating Pinoy Big Brother housemate at Sahaya star Rita Gaviola na tinaguriang "Badjao Girl".

Ayon naman kay NCIP-Quezon Provincial Director Angelo Sallidao, ngayong panahon ng community quarantine ay aktibong nagsesrbisyo si Gaviola sa mga kapwa katutubo.

Layunin ng proyekto na hikayatin ang mga katutubo na sundin ang health and safety protocols na ipinatutupad ng pamahalaan para sa paglaban sa COVID-19.

Samantala, nangako naman ang NCIP- CALABARZON na patuloy silang mamamahagi ng marami pang face masks sa IP communities. **(Ruel Orinday-PIA-Quezon)**

# PhilRice, patuloy ang distribusyon ng mga binhi sa kabila ng krisis sa COVID-19

**LUNGSOD NG CABANATUAN (PIA)** -- Patuloy ang pamamahagi ng Philippine Rice Research Institute o PhilRice ng mga libreng binhi sa mga lokal na pamahalaan sa bansa.

Ayon kay PhilRice- Rice Competitiveness Enhancement Fund o RCEF Regional Coordinator Julian Macadamia, ang programang ito ay sakop ng RCEF - Seed Program na ipinatutupad ng ahensiya na naglalayong mapataas ang ani at kita ng mga magsasaka.

Aniya, mayroon pang dalawang linggo na natitira para sa distribusyon ng mga certified inbred seeds hindi lamang sa rehiyon kundi sa mga lokalidad sa iba't ibang panig ng bansa.

Kabilang sa mga nakaiskedyul na mga bayan sa Nueva Ecija na mabibigyan ng mga binhi para sa linggong ito ang Bongabon, General Mamerto Natividad, Guimba, Llanera, Pantabangan, San Isidro, at mga lungsod ng San Jose, Cabanatuan at Agham ng Muñoz.

Pahayag ni Macadamia, sa kabila ng suliraning kinahaharap sa COVID-19 ay tinitiyak na isinasagawa ang mga health protocol sa delivery ng mga binhi sa mga lokalidad.

Bagamat ipinauubaya na sa kada lokal na pamahalaan ang pamimigay ng mga binhi sa mga nasasakupang magsasaka ay tinututukan pa din ng tanggapan ang mga pagsisiyasat hinggil sa bilang ng mga benepisyaryo, binhing naipamimigay at lawak ng sakahang matataniman.

Batay sa datos ng PhilRice, nasa kabuuang 232,333 bags na ng binhi ang naipamahagi sa buong rehiyon nitong Mayo 30 na nasa humigit kalahati na ng target allocation na 422,776 bags.

Mula rito ay 113,609 bags na ang naipamahagi sa 36,578 benepisyaryong magsasaka sa pitong probinsiya sa Gitnang Luzon.

Batay pa din sa naturang datos ay pinaka-maraming natanggap ang lalawigan ng Nueva Ecija na nasa 87,210 bags ng binhi na kung saan 33,201 bags na ang naipamahagi sa 12,642 magsasaka na kayang taniman ang nasa humigit 13,700 hektaryang bukirin.

Sinabi ni Macadamia, sa pangkaraniwang pagtanggap ng mga binhi ay ipinupunla na ito ng mga magsasaka upang agad na maitanim.

Kaniyang patuloy na panawagan sa mga kababayang magsasaka ay huwag magsasawang matuto ng mga bagong kaalaman at maging bukas sa mga makabagong kasanaya't teknolohiya sa pagsasaka.

Para sa mga may katanungan ay maaaring magpadala ng mensahe sa PhilRice Text Center na 0917-111- 7423 o kaya ay sa kanilang website www.philrice.gov.ph. **(CLJD/CCN-PIA 3)**

# Libreng online consultation, kaloob ng Colegio ng Lungsod ng Batangas

**LUNGSOD NG BATANGAS (PIA)** --Sa ilalim ng general community quarantine, inilunsad ng Colegio ng Lungsod ng Batangas (CLB) ang libreng online medical at online consultation sa mga mag-aaral, guro at iba pang kawani nito.

Sa pahayag ni CLB Vice President for Administration, Dr. Eleanore de Guzman, nais ng CLB na ma-monitor at matiyak na sa kabila ng pagkalat ng COVID-19 sa lungsod ay nasa mabuting kalusugan pa din ang mga miyembro ng kanilang komunidad.

"Mahalaga na mamonitor at matiyak na lahat ng mga estudyante, mga guro at mga non-teaching personnel ng CLB ay nasa maayos na estado ang kalusugan dahil ito lamang ang maaaring panlaban upang huwag kapitan o magkaroon ng COVID 19", ani de Guzman.

Ang online consultation ay mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon.

Ang mga estudyante, guro at iba pang kawani nito na nais ng medical consultation ay maaaring maglog on sa https://www.facebook.com/CLBMed at dental consultation naman ay https://www.facebook.com/Colegio-Ng-Lungsod-Ng-Batangas-dental-113486840381927. **(BHABY P. DE CASTRO-PIA Batangas with report from Batangas City PIO)**

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## Kawawa ang mga nagmomotor

**DAPAT** ay hindi maipatupad ang Motorcycle Crime Prevention Act.

Ito iyong batas na naguutos sa pagkakabit o pagkakaroon ng dalawang plaka sa mga motorsiklo.

Ang panukala ay isinulong noon sa Kongreso dahil sa sinasabing pagtaas ng kaso ng riding in tandem sa bansa.

Nang maging ganap na batas ay nilagdaan ito ni Pangulong Rodrigo Duterte noong nakaraang taon.

Dito ay iniuutos sa Land Transportation Office ang pag-isyu ng mas malaki at color-coded na licensed plates sa mga single motorcycle.

Kailangan ay mababasa ang plaka sa harap at likod ng motorsiklo mula sa layong 15 metro.

Pinilit ang panukala dahil sa usaping paglobo nga ng kaso sa riding in tandem.

Ito nga ba ang pangunahing panlaban sa riding in tandem, epektibong solusyon ba ang malaking plaka sa harap at likod ng motor?

Susme! May mga kriminal ba na ilalantad ang kanilang pagkakakilanlan?

Sariling motor nila ang gagamitin sa paggawa ng ano mang krimen?

Sige nga! Pakisagot.

Magagaling o matatalino na ngayon ang mga kriminal.

Ang mga riding in tandem bago sumalakay ay may mga kaukulang paghahanda na ginagawa ang mga iyan.

Kumbaga ay plantsado na ang lahat, planado na bago pa ang pag-atake.

Kasama sa plano ay ang pagbago o pagpalit ng plaka para hindi makilala.

Kahit pa mabago na ang plaka, kahit palakihin pa at nakakabit sa likod at harap.

Madali para sa mga kriminal ang makalikha ng improvised plate number.

Kung tunay na nakasentro sa problema sa riding in tandem ang isinasaalangalang ay hindi ito ang masasabing kongkretong solusyon.

Presensiya ng kapulisan at iba pang ahensiya ang higit na kailangan.

Police visibility, iyon bang tipong diretso ang pagpatrulya.

Mas dagdagan ang bangis o bagsik ng batas.

Siguro naman ay napapansin mo sa lansangan na napakaraming nagmomotor na kitang-kita naman ang paglabag sa batas.

Marami ang walang suot na helmet, sobra sa isa ang angkas, nakatsinelas o shorts pants, at iba pang hantad ang violation habang nagmomotor.

Ang mga iyan ba ay nabigyan ng solusyon ng mga kinauukulan?

Nangyayari ay ala-tsamba, kapag natiyempuhan ay doon lang makakaranas ng paghuli.

May mga pagkakataon na walang suot na helmet o iba pang paglabag na nadadaanan ng mobile ng pulisya subalit hindi man lang sinisita.

Kaya naman hindi nakakaramdam ng takot ang maraming nagmomotor.

Sadyang kaawaawa ang mga nagmomotor na matitino na kung tutuusin ay higit na nakararami kumpara sa mga pasaway.

Ito namang si Department of Interior and Local Government (DILG) Secretary Edurdo Año ay hindi rin natin maintindihan.

Bawal pa rin kasi ang angkas sa mga motorsiklo kahit pa tayo ay nasa general community quaratine (GCQ) na.

Nawala ang paghanga natin kay Mr. Secretary.

# EDITORYAL

## Iinog ang mundo

**ANG pagpapabilis sa mga "Build, Build, Build" infrastructure program ng pamahalaan ang sinasabing bawi o solusyon sa humihinang demand at supply sa domestic economy bunsod ng kinakaharap na krisis dulot ng coronavirus.**

**Ito ang paniwala ni Secretary Carlos Dominguez III, ng Department of Finance.**

**Lilikha kasi ito ng mga trabaho na magbibigay sigla sa ekonomiya ng bansa.**

**Sa pananaw ng kalihim ay lalakas ang lokal na konsumo sa kadahilanang ang mamamayan ay kikita na at may magagamit ng pera.**

**Ang punto rito ni Dominguez ay tipo o istilong ang mundo ay iinog o iikot.**

**Kung walang hawak na cash ay mistulang paralisado at dahil sa kawalan ng pera ay hindi makakabili ng mga gamit o pangangailangan.**

**Kung hindi makakabili ng mga bagay, ang mga tao ay walang produksiyon sa mga gamit.**

**Sa madaling salita ay iikot ang buhay dahil sa pera at iyon ay matatamo sa trabaho.**

## Laguna Gov. Hernandez, hinikayat ang mga COVID-19 survivors na ilahad ang kanilang kuwento

**LUNGSOD NG CALAMBA, Laguna (PIA)** --Hinikayat ni Laguna Gov. Ramil Hernandez ang mga gumaling sa sakit ng coronavirus disease (COVID)-19 na ilahad ang kanilang kuwento upang mas mapalaganap ang kamalayan tungkol sa sakit na ito.

Ito ay kaugnay ng mataas na COVID-19 recoveries na naitala sa lalawigan ng Laguna.

"Tatlong daan at pito (307) na ang kabuuang bilang ng mga COVID-19 recoveries sa ating lalawigan. Magandang balita ito dahil mataas ang recovery rate natin at ito ay lubos kong ikinagagalak," wika ni Gov. Hernandez sa kanyang post noong Mayo 29 sa Gov. Ramil Hernandez FB Page.

Ayon pa sa kanyang post, "Sa likod ng bilang na ito ay mga istorya ng totoong tao na naranasan maging COVID-19 patient. Hindi ba magandang malaman o marining natin ang kanilang mga kwento? Ano nga ba ang mga pinagdaraanan nila? Paano nila nilabanan ang sakit na ito? Ano ang maaari nilang ibigay na payo sa mga kasalukuyan pang active cases?"

Kaugnay nito, nanawagan si Gov. Ramil Hernandez sa mga COVID-19 survivors na ilahad ang kanilang kuwento upang makatulong sa mga iba pang dumaranas at hindi pa gumagaling sa sakit na COVID-19.

"Isa ka ba sa mga naitalang recoveries sa ating lalawigan? Kung nais mo na ilahad ang iyong survivor story upang mas mapalaganap ang kamalayan tungkol sa COVID-19, maaaring mag-email sa pgl. socmed@gmail.com at sa inyong pahintulot ay amin itong ibabahagi sa ating mga kalalawigan."

Base sa COVID-19 update na inilabas kahapon, Mayo 31, ng Department of Health Center for Health and Development (DOH-CHD) 4A, may kabuuang 447 COVID-19 confirmed cases na naitala sa lalawigan ng Laguna habang nakapagtala naman ng 302 recoveries o 68 porsyento.

Bagama't nangunguna ang Laguna sa may pinakamaraming kaso ng COVID-19 sa rehiyon ng CALABARZON, pumapangalawa naman ito sa may mataas na COVID-19 recovery rate sunod sa Quezon na may pinakamataas na recovery rate, 74.50 porsyento. Pangatlo ang Batangas na may 52 porsyento recovery rate; pang-4 ang Rizal, 45.20 porsyento; at pang-5 ang Cavite na may 37.18 porsyentong recovery rate.

Samantala bilang bahagi ng paglaban ng lalawigan sa COVID-19 at matiyak ang kalusugan at kaligtasan ng mga frontliners, inihayag ni Gov. Ramil Hernandez ang pagsasailalim sa libreng Rapid Testing ng mga kawani ng pamahalaang panlalawigan ng Laguna.

"Tinatayang 4,000 na mga kawani mula sa iba't ibang tanggapan ng pamahalaan ang isasailalim sa Rapid Testing. Ang Provincial Health Office at mga tauhan ng Chest Center ang namamahala sa testing na sinimulan nang gawin noong Mayo 21," pahayag ni Gov. Hernandez sa kanyang FB Page.

"Paalala sa lahat na patuloy nating paigtingin ang pagiingat at palaging sumunod sa health protocols." **(CPGonzaga, PIA-4A at ulat mula sa Gov. Ramil Hernandez FB Page)**

## Pamahalaang Panlalawigan ng Quezon, nagkaloob ng bagong ambulansiya sa Catanauan at San Narciso

**LUNGSOD NG CALAMBA, Laguna (PIA)** --Nagkaloob ng bagong ambulansiya ang pamahalaang panlalawigan ng Quezon sa mga bayan ng Catanuan at San Narciso na sakop ng Bondoc Peninsula.

Ayon sa FB post ni Quezon Gov. Danilo Suarez, "Sa inilaang tulong at inisyatibo ni 3rd District Rep. Aleta Suarez, tayo po ay nakiisa sa isinagawang blessing at turn-over ceremony ng dalawang ambulansyang ipapamahagi sa mga bayan ng Catanauan at San Narciso."

Binanggit din ni Gov. Suarez na naging katuwang din sina 2nd District Rep. David C. Suarez, ALONA Partylist Rep. Anna V. Suarez at ang Department of Health (DOH) upang maisakatuparan ang proyektong ito.

"Inaasahang malaki ang maitutulong ng mga ambulansya sa pagtugon sa pangangailangang medikal ng mga residente sa naturang mga bayan," ayon pa sa Gobernador.

Maliban dito, patuloy din ang pamamahagi ng ayuda ng pamahalaang panlalawigan tulad ng bigas at tulong pinansiyal sa mga iba't ibang bayan sa lalawigan sa panahon ng COVID-19 pandemic.

Kamakailan lamang, ipinamigay ng pamahalaang panlalawigan ang tulong sa mga miyembro ng Luntiang Katipunero, Provincial Union of Leaders Against Illegalities (PULI), Rural Health Unit at sa lahat ng barangay sa bayan ng Buenavista. Kasabay nito ay namahagi rin ng tulong pinansyal para sa mga Luntiang Katipunero at PULI ng nasabing bayan.

Dagdag pa rito, muling naghatid ng ayuda para sa mga medical frontliners ng San Narcisco RHU si KALIPI Quezon President Atty. Joanna Suarez kasama sina Vice Mayor Elena Baby Babao at ABC President Coun. Joyal Uy Esguerra.

"Magtapos man ang buwan ng Mayo, hindi naman magwawakas ang pagtulong ng pamahalaang panlalawigan sa mga mamamayan ng Quezon," wika ni Gov. Suarez. **(CPGonzaga, PIA-4A at ulat mula sa Gov. Danilo E. Suarez FB Page)**


**ADVERTISING RATES**

COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm

LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm



HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!'** ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite

**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638

**Email:** ronejed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

*Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.* papi

# LUNGSOD NG BACOOR SUMAILALIM SA GCQ, PARTNERSHIP SA MGA DELIVERY SERVICES ISINULONG

**BACOOR CITY--Ngayong unang araw ng Hunyo taong 2020 ay unang araw ding sumailalim sa General Community Quarantine (GCQ) ang Lungsod ng Bacoor. Matapos itong sumailalim sa ECQ noong Marso, MECQ noong Mayo at ngayon kasama ang buong lalawigan ng Cavite ay GCQ na ito.**

Inilunsad noong ika-29 ng Mayo ang kauna-unahang Webinar para sa Bacoor Economic Sector na kung saan ay inilinaw ang mga panuntunan sa mga karagdagang negosyo na magbubukas ngayong unang araw ng GCQ. Naibahagi sa pagpupulong na kailangang i-maximize ang mga delivery services para maghatid ng mga bilihin tulad ng pagkain, gamot at iba pang pangangailangan sa bahay.

Kaya naman, dahil sa limitasyon sa operasyon ng mga negosyong ito, minabuti ng Pamahalaang Lungsod ng Bacoor sa pangunguna ni Mayor Lani Mercado-Revilla na magkaroon ng kasunduan sa mga delivery services tulad ng FoodPanda Ph, Joyride at Happy Move Ph.

Pangunahin ding layunin ng proyektong ito ay mabigyan ng dagdag na pagkakakitaan ang mga tricycle drivers sa Lungsod ng Bacoor. Sa pamamagitan ng pagko-convert ng kanilang mga tricycle to delivery motorcycles mas madaragdagan ang kanilang kikitain sa araw-araw kumpara sa kanilang limitadong pagbyahe sa tricycle sa panahon ng GCQ.

"Ang mga kababayan nating nasa sektor ng transportasyon ang isa sa mga pinaka-naapektuhan ng ating community quarantine. Sila ay kumikita at umaasa lamang sa kanilang arawang pag-biyahe kaya malaking pahirap para sa kanila ang halos tatlong buwang hindi nakakapasada." pahayag ni Mayor Lani.

"Minabuti nating magkaroon ng kasunduan sa mga delivery services tulad ng Food Panda Ph, Joyride at Happy Move Ph dahil sa paraang ito, hitting three birds in one stone tayo. Una, nakatulong tayo manatiling stay at home ang mga Bacooreño. Pangalawa, nakapagbigay tayo ng dagdag na serbisyo para sa mga negosyante at pangatlo, nakapagbigay tayo ng hanapbuhay para sa ating mga tricycle drivers." dagdag ni Revilla.

Ang programang ito ay pinangunahan ng Public Employment Service Office ng Bacoor sa pamumuno ni Doc Bob de Castro.

Sa ngayon, may kabuuang 124 na kaso ng Covid-19 sa Lungsod ng Bacoor. 45 active cases, 11 deaths at 68 recoveries.

"Ngayong nasa GCQ na ang Bacoor, ibayong pag-iingat pa din ang ating lagiing pinapaalala sa ating mga kababayan. Ipagpapatuloy natin ang ating mga social distancing measures tulad ng Barangay Clustering Schemes sa mga palengke, malls, groceries at supermarkets. May Quarantine Pass at iba pang tipo ng passes na tayong ipapatupad. Kahit na may pampublikong transportasyon na, inaasahan natin na limitado pa din ang operasyon nito dahil sa social distancing." paalala ng Alkalde.

"Hindi tayo magiging kampante, bagkus ay mas hihigpitan natin ang ating mga panuntunan hanggang sa masanay na ang ating mga kababayan sa minimithi nating 'new normal' sa hinaharap. Ipagpapatuloy natin ang ating mga naumpisahan para labanan ang Covid-19. Kapit lang tayong lahat. Sama-sama, tulong-tulong at malalagpasan din natin ito." pagtatapos ni Mayor Lani.

Mananatiling nasa GCQ ang Lungsod mula ngayon June 1 hanggang June 15, 2020. **PR**



**MEMORANDUM OF AGREEMENT** na nilagdaan ng Pamahalaang Lungsod ng Bacoor, sa pangunguna nina Mayor Lani Mercado Revilla at Public Employment Service Office ng Bacoor sa pamumuno ni Doc Bob de Castro, at ng mga kinatawan ng FoodPanda Ph na sina Daniel Malogy at Atty. Rafael Juico. **RS**

# HONTIVEROS SEEKS AUDIT OF FUNDS, SPECIAL POWERS UNDER BAYANIHAN LAW

**Have special powers really helped gov't fight coronavirus, Senator asks**

"Dahil sa Bayanihan Act ay isinuko na ng Kongreso ang kaniyang 'power of the purse.' Kaya kailangang bantayang maigi kung saan napupunta ang pera."

This was the statement of Senator Risa Hontiveros on Wednesday as she called for a rigorous assessment of the success or lack thereof of its full campaign against the novel coronavirus (COVID-19) pandemic, before passing Bayanihan to Recover as One bill.

"We should have established sufficient infrastructure and mustered enough human resources to adequately respond to this health crisis. However, this is clearly not the case," she said.

In a privilege speech, Hontiveros pointed out that despite the passage of the Bayanihan Law or Republic Act No. 11469 granting emergency powers to the President, the government has failed to meet its health and economic relief targets, as evidenced by massive backlogs, slow contact tracing efforts, and delays in the release of test results to persons under quarantine or monitoring.

"Apat na buwan na ang nakakaraan. Bilyon-bilyon ang pondo na nasa kamay ng pamahalaan at malawak ang kapangyarihan na ibinigay natin sa Pangulo. Pero hanggang ngayon, wala pa rin tayong pinangako nilang 30,000 tests per day. Hindi rin malinaw kung naflatten na ba ang curve ng pandemiya," she said.

The Senator called out the Department of Health (DOH) for failing to present to the public comprehensive, reliable and accurate data on the pandemic. "Naguguluhan na ang publiko at mismong policy makers sa ibinibigay na datos. Biglang may "fresh cases," at may new cases pero old na raw. For government to produce the right policies, we have to have the right data in our hands," she said.

Hontiveros also criticized the health agency for the purchase of overpriced personal protective equipment (PPEs) and testing kits as revealed by other Senators.

"Paano natin mapagkakatiwalaan ang gobyerno na gamitin sa maayos ang pera ng bayan kung may mga taong walang konsensiyang pinagkakakitaan ang pandemyang ito?" she said.

She then questioned the lifting of restrictions under the General Community Quarantine when flattening of the epidemic curve unclear. This will just endanger the lives of the employees as they go back to work. "Now that we have shifted to GCQ and asked them to go back to work without mass testing and mandatory and demandable safety at work protocols, we are putting their lives at risk."

Hontiveros then urged the government to address these 'major flaws' first as the country transitions to a new and better normal. She challenged the government to step-up and employ the "whole of society" approach to overcome this crisis: include more health professionals and scientists and retract police and military from the forefront; get the involvement of development workers, work with the private sector; capacitate and empower local government units and communities; and capacitate local resources such as giving Kaligtasan Tanods information and education functions.

Likewise, Hontiveros said that the health response measures must also include a sound economic and fiscal plan to ensure immediate recovery and avoid widespread loss of jobs and financial opportunities. But whatever efforts the government will carry out to restart the economy, it must come with appropriate protection for our people. Otherwise, this will not just deprive people of their livelihood but also of their right to live.

"Health and economic safeguards must be put in place before we send them out to what is now called the new normal. Let our rallying cry be: Save lives, save jobs," she concluded. **PR**

# BOC Port of Manila seizes Php 17.38 million wort of fake cigareettes

In line with the Bureau of Customs' mandate to protect our borders, the BOC - Port of Manila (POM) seized today, June 03, 2020, one (1) container of fake Mighty and Marvels brand cigarettes estimated to be worth Php 17.38 million for unlawful importation. The shipment consigned to Mvetisery Industrial Supply which arrived from China on May 22, 2020 was placed on hold and was issued with a Pre-Lodgement Control Order last May 27, 2020 after a derogatory information was received by the POM from the BOC-Enforcement Group (EG).

Upon 100% physical examination, the assigned Customs Examiner assessed total duties and taxes amounting to Php 9.96 million.

District Collector Arsenia Ilagan ordered the issuance of Warrants of Seizure and Detention against the entire shipment for violation of Section 1401 "Unlawful Importation or Exportation" in relation to Section 1113 "Property Subject Seizure and Forfeiture" of the Customs Modernization and Tariff Act.

The Bureau of Customs maintains its steadfast commitment to curb unlawful trade and anti-smuggling in the nation's border and inside customs territory. **PR**



**NAKAANTABAY** ang mga augmentation bus sa EDSA bilang gamit ng mga pasahero papuntang Pasay Taft MRT Station at patungo sa North Ave. MRT Station. **(JIMMY HAO)**

# TULAK, TIGBAK SA BUY BUST

**NASAWI ang isang hinihinalang tulak nang nanlaban sa mga awtoridad sa isang buy bust operation sa Dasmarinas City, Cavite.**

Kinilala ang suspek na si Gary Macadat Amante, nasa wastong edad, ng Airmen's Village, Brgy Sampaloc 3, Dasmainas City.

Sa ulat ni PMSgt Rolando Paulo Figueroa, ng Dasmainas City Police Station , dakong alas-3:20 ng madaling araw nang nagsagawa ng buy bust operation ang mga operatiba ng Station Drug Enforcement Unit (SDEU) ng Dasmarinas CPS at RSOU41 sa Airme's Vilage Brgy Sampaloc kung saan target ang suspek.

Matapos ang transaksiyon sa pagitan ng posuer buyer at suspek nang naramdaman ng huli na pulis ang kanyang ka-usap dahilan upang magbunot ng baril at iputok sa awtoridad subalit nagmintis kaya gumanti ang huli na nagresulta sa kanyang kamatayan.

Narekober sa suspek ang 13 pirasong hinihinalang shabu, aluminum foil, lighter, kalibre 45 na baril at bala. **GENE ADSUARA**



**PINANGUNAHAN** nina Manila City Mayor Fransisco ISKO Moreno Domagoso, Bise Alkalde Honey Lacuna Pangan, at City Engr. Armando Andres ang Ground Breaking Ceremony ng itatayong TONDOMINUIM 1-2 na tatawaging Vitas City Vertical Housing na may taas na 15 palapag, 44 sq meters laki at 336 units para sa mamamayan ng Tondo, Maynila. **(Christian Heramis)**



**ARESTADO** sina Axl Drei Capito at Sam Capito, na nakatira sa Fourth State, P'que City matapos mahulihan ng tatlong pirasong plastic sachet ng shabu sa kabila ng banta ng covid 19. **(JIMMY HAO)**

# PHLPOST releases operating hours during GCQ

**PASIG CITY (PIA)** -- The Philippine Postal Corporation (PHLPOST) released the schedule of post offices nationwide under the general community quarantine (GCQ).

According to PHLPOST, post offices will be open Monday to Friday, from 8:00AM to 5:00PM.

PHLPOST also informs the public that post offices are currently operating on a 50 percent (50%) skeletal workforce, as directed by the IATF and the Civil Service Commission.

Likewise, health and safety standards are strictly enforced in all post offices to prevent the spread of the virus.

For details and inquiries, PHLPOST advises the public to call the nearest post office in their area.

To recall, the Civil Service Commission (CSC) earlier called on government agencies to undertake the necessary preparations for the reopening of government offices in areas that transitioned from modified enhanced community quarantine (MECQ) to GCQ, such as the National Capital Region.

The CSC also urged heads of agencies to implement precautionary measures prior to resumption of normal operations, such as disinfection and decontamination activities, conduct of health status check among employees, and modification of workplace layout to ensure observance of physical distancing requirements amid the COVID-19 pandemic.

Government offices are also mandated to enforce health standard protocol at all times such as wearing of face masks, taking of body temperature, and setting up of sanitation stations, for the protection of both government workers and the citizens transacting inside government offices.

Moreover, support mechanisms, such as health/ psychosocial interventions, provision of personal protective equipment (PPE) to employees, and reasonable transportation facilities and housing quarters, should be made available to government workers. **(PIA-NCR)**

# Covid-19 death rate drops to 1.6 per day: DOH

**MANILA** – The country's number of deaths due to the coronavirus disease 2019 (Covid-19) continues to lessen, plummeting to an average of 1.6 per day by the end of May, the Department of Health (DOH) said on Tuesday.

"Magmula po sa average na 25.3 deaths simula nung Abril, bumaba na po tayo sa 1.6 deaths kada araw sa katapusan ng Mayo (From the average of 25.3 deaths in April, this has dropped to 1.6 deaths per day by the end of May)," DOH Spokesperson Maria Rosario Vergeire said in a virtual presser.

She attributed the improvement to better treatment and management of patients infected with Covid-19.

"Mas mahusay na po ang ating pagma-manage ng ating mga pasyente kaya mas nakaka-recover na po sila (We're getting better at managing patients, resulting in more recoveries)," Vergeire said.

As of 4 p.m. on Tuesday, the DOH recorded six new deaths, bringing to 966 the total number of Covid-19 fatalities.

It also reported additional 84 recoveries, increasing the total to 4,063.

On the other hand, the total number of confirmed cases has increased to 18,997 after recording 359 new cases.

Of the new cases, the DOH said 176 were fresh cases or those whose test results were released to the patient within the last three days while 183 were late cases or those whose test results were released four days or more ago.

Central Visayas has the highest number of fresh cases with 87 followed by the National Capital Region (NCR) with 33, and 54 from other places.

Of the 183 late cases, 39 came from Metro Manila, eight from Central Visayas while 111, including 25 repatriates, were reported in other places. **(PNA)**

# DA prepares for wet season planting

**MANILA** – The Department of Agriculture is enhancing its preparations for the wet cropping season this June.

During a Laging Handa public briefing on Tuesday, Agriculture Secretary William Dar said the department will cover an estimated total area of 2.5 million hectares for wet season planting.

"We will cover almost 2.5 million hectares and with the intent to really improve the yield per hectare from the present coverage of four metric tons and with good agricultural practices and with the addition of fertilizer, we hope to get more harvest and eventually to increase the profits of our farmers," Dar said.

Dar noted that the agency has tapped local government units (LGUs) across the country to extend assistance to local farmers in preparing for the peculiarities of the season.

"We have instructed our regional field offices to accelerate their coordination with LGUs and implement what they can this wet planting season," he said.

He said the government would also pursue the "Plant, Plant, Plant Program" or "Ahon Lahat, Pagkaing Sapat (ALPAS) Laban sa Covid-19" program to benefit farmers, fishers and consumers.

Dar said the program aims to increase the country's food adequacy level during the emergency situation resulting from the coronavirus pandemic.

"Our message is really to continue this, especially now in times of crisis, we have a supply of vegetables and fruits on top of what we can buy from the market," he said.

"In all areas, Plant, Plant, Plant has become the banner program of DA that will apply to crops, livestock, poultry, and piggeries," he added. **(PNA)**

# Barbershops, salons to reopen June 7 but limited to haircuts only – DTI

**PASIG CITY (PIA)** -- The Department of Trade and Industry (DTI) on Tuesday reminded the public that services provided by barbershops and salons would only be limited to haircuts for customers, as they are scheduled to resume operations in areas under general community quarantine (GCQ) starting June 7.

During the Laging Handa Public Briefing, DTI Undersecretary for Consumer Protection Group Ruth Castelo said under a GCQ the Inter-Agency Task Force for COVID-19 (IATF) has approved the operations of barbershops and salons to provide only haircut service.

"For now, limited pa po talaga sa haircut. Haircut lang, so other services like hair color or treatment, or shaving para sa mga lalaki hindi pa po kasama," Castelo said.

She said that while the service is still limited, however, barbershop and salon operators and staff must still strictly comply with the minimum health standards and safety protocols imposed by the IATF.

"What we want sana, is for the barbershops and salons to practice 'yung ating health protocols. Mapractice sila, yung workers nila inside and the customers para everybody will get accustomed to these new protocols para po pagka eventually we are able to expand the allowable services alam na po nila pare-pareho kung anong gagawin o kung papaano," the official explained.

Under the IATF Resolution No. 41 dated May 29, 2020, the gradual reopening of barbershops and salons was approved.

It states that in areas under the general community quarantine (GCQ), the industry can begin to reopen on June 7 at 30 percent operational capacity.

"The operational capacity of salons and barbershops can gradually increase to 50 percent. Provided that venue capacity allows for social distancing protocols. The gradual increase shall be scheduled every two weeks from the effectivity of this Resolution subject to regular assessment of the IATF. Provided further, that such businesses are compliant with the proper protocols prescribed by the DTI."

Meanwhile in areas under the modified general community quarantine (MGCQ), the industry is allowed at 50 percent of operational capacity, and up to 100 percent after three weeks, based on Resolution. **(PIA-NCR)**

# ENJOY RESTAURANT FAVORITES AT HOME WITH SM CITY ROSARIO!

**You can now have your favorite restaurant favorites from SM City Rosario delivered to your doorstep with its recently launched TO-GO food delivery service. With that, you can now enjoy the food you love from the mall's restos at the comfort of your home.**

- Delight in modern Filipino comfort food with Max's Restaurant, Gata Flavors, Bulalo World, Federico's or King Sisig.
- Travel around Asia with menu must-haves from Samgyeopmasarap, Snow Panda, Classic Savory, or Nadomi Maki.
- Quench your thirst, be refreshed and be energized with Macao Imperial Tea, Starbucks Coffee, Infinitea, Farron Café, Gong Cha, Zagu, Bee Healthy, Black Pearl or D'cream Coffee and Tea.
- Enjoy our everyday favorites with easy and fast service from Jollibee, Mc Donald's, Greenwich, KFC, Chowking, Tokyo Tokyo, Turk's Shawarma, Potato Corner, Mang Inasal or Master Siomai.
- Spoil your taste buds with our sweet and delicious bread and pastries from Krispy Kreme, Red Ribbon, Dunkin Donuts, Julies Bakeshop or Clyde's Breads and Pastries.

**Ordering is easy:**

**1.** Check online: Browse the restaurant guide on SM City Rosario Facebook Fan page, Instagram, and SM Viber community for the complete restaurant guide, menu, contact details, updates, and promotions.
**2.** Call to order: Enjoy a more personalized and efficient experience by simply calling the restaurant to place your order and other meal requirements. The restaurant will coordinate delivery to your doorstep with Fastrack Courier Service riders stationed in the mall. Delivery fees are based on customer's location.
**3.** Pay and collect: Customers can opt to pay for orders and delivery fee via cash on delivery or contactless payment methods in coordination with the restaurant. Collect order from your Fastrack courier and enjoy!

In addition, more of your favorite restaurants at SM City Rosario are open for pick-up and take-out.

Enjoy the restaurant experience at home with SM City Rosario To-Go service.



Refreshing **Infinitea** Soda Pops




Creamy Milk tea with pearls at **D'Cream** Coffee and Tea



Have a hotter lunch and dinner with **Bulalo** World's Sinigang na Hipon




Celebrate at home with Salt and Pepper Squid from **Classic Savory**



Have your Sisig cravings satisfied at **King Sisig**



Dishes get so creamy and delicious with **Gata** flavors of Bicolandia atbp.




Get your favorite **TAPSILOG** from **Federico's** Favorite



Yummy California Maki at **Nadomi Maki**

# REDEFINING THE CUSTOMER EXPERIENCE AT SM CITY BACOOR

**You can now enjoy specialties from your favorite restaurants with a curbside drive through, or stay home and have your essentials delivered at your doorstep by a personal shopper as SM CITY BACOOR redefines customer service during these challenging times through SM City Bacoor's official messenger and contact numbers, Get and Go, and SM Cavite Community Rider services.**

Chat with us by simply contacting us through messenger, @SM CityBacoor or call our mall admin at (046) 431 0332/417-0145/ 0917-552-5790 to find out the availability of essentials and answers to any mall queries that you may have. It's a system designed for your convenience and tailored to your preference.

Get and Go a curbside walk and drive-through. Simply choose from the list of open establishments posted on SM City Bacoor's official social media page; contact the restaurant or store directly to order, and arrange for payment. Your order will be waiting for you when you walk or drive through the mall.

With this, you can treat your family to culinary specialties from Conti's Bakeshop and Restaurant and Prime Steak House; Finger lickin' good Pizza Twister and Chizza at KFC, as well as delightful desserts from Krispy Kreme, and your most awaited drinks from Macao Imperial Tea.

You can also order and pick up your essentials from ACE Hardware, Watsons, SM Supermarket and Baby Company.

The SM Cavite Community Rider will have your basics – groceries, medicine, food, hardware - delivered to your doorstep. SM City Bacoor has also collaborated with Grab Food and Food Panda to provide dedicated Shoppers that you may book from the comfort of your own home. Simply click the SM Cavite Community Rider post at our Facebook Page. Choose and contact our Rider as your personal shopper who will directly communicate on items you may need to replace or any extra order you may have. Once the shopper has completed your order, he will deliver the items directly to you on the same day.

With the many options of convenience the mall provides, SM City Bacoor is only getting started. Ushering a new era of customer experience, the mall will continue to provide safe and efficient solutions for the benefit of its shoppers. For more information on the SM City Bacoor, follow us on Facebook.




We're bringing back a classic for your well-deserved treat! No Crust. All Chicken.

Visit KFC at the Lower Ground Floor to get **KFC Chizza** back for a limited time! Also available at GrabFood & FoodPanda




We've missed you so much; we went on a roll with the pizza flavor. The **KFC Pizza Twister**, now available AGAIN! Treat yourself! Visit KFC at the Lower Ground Floor today. Also available at GrabFood & FoodPanda.




Give yourself a treat with **Krispy Kreme Doughnuts!** Days are always better with sweets!




Bring home **Conti's** mouth-watering cakes and pastries from SM City Bacoor!




What's good with wine? Have a steak night with your family with **Prime Steak House**-SM City Bacoor!




We know you missed this! Grab your favorite drinks at **Macao Imperial Tea** – SM City Bacoor!

# An Act of Integrity Amidst The Pandemic




**SM CITY BACOOR, CAVITE** – In these times when most of us are trying to provide all our families despite the crashing economy directly hitting the stability of our employment and security of our needs, it is indeed great to hear news about people helping others.

With one of the busiest jobs in the mall where shoppers need assistance to safely and quickly grab their essentials, one Security Personnel stood out. Recently, SAG Rizaldy Catriz of Defense Specialist Security Agency Inc., assigned as Safety Protocol Officer endorsed to CRS Office worth Php 5,050.00 cash which he recovered at Northwest Parking B area. Hours later, the owner of the missing cash verified by the CRS office claimed his lost money and commended SAG Catriz for showing its honesty and dedication on his job.

"Isinauli ko po (ang natagpuang pera) dahil mas higit itong kailangan ng may-ari dahil sa panahong ito,' said SAG Catriz who puts the interest of others and his fear in God above his own needs. "Masarap po ang pakiramdam na makatulong sa kapwa kahit sa ganitong paraan. "

This deed is reflective of SM´s Corporate value of honesty and integrity and bespeaks well of the attribute of a good member of SM Security force, worthy of praise and emulation. **SAG RIZALDY CATRIZ** brought honor and pride not only to himself, his family and security agency but also to SM group of companies in general.

# SM City Trece Martires Deploys **Sanitation Protocol Officers**



Your safety comes first. That's why **SM City Trece Martires** has dedicated Sanitation Protocol Officers visible around the mall who are ready to guide and to help you.

**Have a #SafeMallingatSM**

# MPBL sa 2021 na matutunghayan dahil sa Covid-19

**Ang Maharlika Pilipinas Basketball Pilipinas (MPBL) ay ipinagpaliban ang paparating na panahon dahil sa coronavirus disease 2019 (Covid-19) pandemya.**

Sa isang memo na ipinadala sa mga koponan, inihayag ng Komisyonado Kenneth Duremdes, "Ang 2020-21 MPBL Season ay kasama dito, at magsisimula kami sa susunod na panahon sa Hunyo 12, 2021."

Dapat na pang-apat na pangkalahatang mula noong itinatag ang liga noong 2018, naitakda na ng MPBL ang Hunyo 12 bilang pagsisimula ng bagong panahon, ngunit ang pambungad ay paunang ipinagpaliban dahil sa pandemya.

Habang ang Inter-Agency Task Force para sa Pamamahala ng mga umuusbong na nakahahawang sakit ay maaaring magpahinga pa sa mga probinsya na may hindi bababa sa isang kinatawan ng MPBL bawat isa sa isang binagong pangkalahatang quarantine sa pamayanan (MGCQ), ang pinakamadali kung saan maaaring magpatuloy ang mga kaganapan sa palakasan, ang MPBL hindi hinintay na mangyari iyon at nagpatuloy sa pagsuspinde ng panahon.

Samantala, hiniling ni Duremdes sa mga koponan na igalang ang kanilang umiiral na mga kontrata sa kanilang mga manlalaro sa pamamagitan ng pagbabayad sa kanila ng hindi bababa sa 20 porsiyento ng mga suweldo na napagkasunduan nila.




**KASALUKUYAN** pa rin nasa GCQ General Community Quarantine ang bansa maliban na lamang sa ibang panig ng probinsiya na nasa MGCQ pa rin kung saan mahigpit naman ang pagpapatupad ng IATF Inter-Agency Task Force higit sa larangan ng sports kung saan kabilang sa pinahihintulutan ang pag bibisiklita. **(RGN)**

# Mga atleta at coaches bibigyan ng diskwento

Inanunsyo ng Philippine Sports Commission (PSC) na lahat ng mga atleta at coach ay makakakuha ng 20-porsyento na diskwento para sa lahat ng kanilang mga pangangailangan.

Kamakailan lang, sinabi ng PSC na ang Bureau of Internal Revenue (BIR) ay naglabas ng Revenue Regulation 13-2020, na nagbibigay daan para sa diskwento na ganap na ipatupad para sa lahat ng mga atleta.

"Inaasahan namin ito at nagpapasalamat kami na ang aming mga atleta at coach ay sa wakas tamasahin ang pribilehiyo na nararapat," sinabi ni PSC chairman Butch Ramirez, na ang samahan ay nagtulungan kasama ang BIR para sa benepisyo ng diskwento na lubos na tatangkilikin ng lokal na sportsmen.

Ang diskwento ay bahagi ng Republic Act 10699, na pormal na kilala bilang "National Athletes and Coaching Benefits and Incentives Act".

Ang mga diskwento ay dapat mailapat sa pagkain, gamot, sentro ng libangan, mga hotel, pamamalagi sa mga pasilidad, at pagbili ng kagamitan sa palakasan.

Nagpalabas na ang PSC ng mga kard ng pagkakakilanlan sa mga pambansang atleta, na may mga buklet na katulad ng ginagamit ng mga senior citizen para sa kanilang sariling mga diskwento, na sundin.

Gayunpaman, nabanggit ng PSC na tatanggalin nito ang mga allowance na ibinibigay nito sa pambansang mga atleta nang kalahati habang ang bansa ay patuloy na nakikipaglaban sa coronavirus disease 2019 (Covid-19).

"Ito ay isang mahirap na pagpapasyang gawin, ngunit ang isang bagay na mahalaga ay kailangang gawin upang maaari nating ipagpatuloy ang pangangalaga sa ating mga atleta na mas mahaba," sabi ni Ramirez.

Ang hakbang ay ginawa upang mapanatili ang National Sports Development Fund (NSDF), na "medyo nabawasan dahil sa krisis sa kalusugan na nararanasan natin ngayon," aniya.

Gayunman, tiniyak ni Ramirez na "sa sandaling naabot muli ng NSDF ang isang komportableng antas, ang mga allowance ay ibabalik sa kasalukuyang rate."







# Paghahanda sa co-host ng FIBA World Cup 2023

Ang FIBA, ang namamahala sa basketball, ay magtutulak para sa patuloy na pakikipagtulungan sa Pilipinas, Japan at Indonesia bilang co-host ng 2023 FIBA World Cup.

Si Richard Carrion, chairman ng Lupon para sa FIBA Basketball World Cup 2023, ay gumawa ng pangako na ito matapos ang unang pagpupulong ng lupon sa pamamagitan ng video conference.

"Lahat tayo ay nakasaksi sa isang hindi kapani-paniwalang kaganapan noong nakaraang taon sa China. Ang susunod na FIBA Basketball World Cup ay dadalhin sa isa pang antas sa 2023, magaganap sa Asya sa buong tatlong bansa, at inaasahan namin ang patuloy na pakikipagtulungan sa mga bansa na host, "aniya.

Sa pulong, ang FIBA World Cup board ay humarap sa maagang paghahanda para sa 32-koponan ng torneo na nakatakdang mula Agosto 25-Sept. 10, 2023.

Ang pangulo ng FIBA na si Hamane Niang, kalihim ng pangkalahatang Andreas Zagklis, at mga miyembro ng gitnang lupon na sina Manny Pangilinan, Erick Thohir at Yuko Mitsuya, na bahagi din ng lupon ng World Cup,

Ito ang kauna-unahang pagkakataon na dalawa o higit pang mga bansa ang nagho-host sa FIBA World Cup.

Ang mga yugto ng pangkat ay magaganap sa Jakarta, Okinawa, Pasig, Quezon City, Pasay at Bocaue.

Ang playoff ng FIBA World Cup ay magsisimula sa isang tiyak na magiging determinadong arena sa Pilipinas, na nagsisilbing pangunahing host ng kaganapan.

Ang mga kwalipikasyon ng kontinental para sa FIBA World Cup ay magsisimula sa Nobyembre

# HANEP SHOWBIZ

## PINAGKAKAABALAHAN NI MAUREEN MONTAGNE



MAGANDA at makabuluhan ang kasalukuyang pinagkakaabalahan ni Maureen Montagne.

Kung inyong matatandaan ay 1st runner up sa Miss Eco International 2019 si Maureen.

Nitong nakaraan ay inililipat kay Maureen ang titulo bilang titulong Miss Eco International 2019.

Pero tinanggihan at hindi tinanggap ng Pinay beauty queen ang naturang titulo.

Ang nasabing titulo o korona ay nakapatong at tangan ni Suheyn Cipriani ng Peru

Pero ang titulong ito ay tinanggal kay Suheyn bunsod ng isyung pagbubuntis nito.

Since 1st runner up nga si Maureen ay siya ang karapat-dapat sa title.

Ang dahilan naman ni Maureen sa pagtanggi ay bunsod ng kanyang pinagkakaabalahan.

Abala kasi sa ngayon si Maureen sa Binibining Pilipinas Charities Inc.

Kaya naman ipinaabot niya ang pasasalamat sa mga organizers ng Miss Eco International sa pagpili sa kanya.

As of now ay humahanap pa rin ng ihahali para sa titulo ang Miss Eco International Organization.

Thankful din naman ang organisasyon kay Suheyn sa mga ginawa ng Peru beauty queen sa kanilang mga adbokasiya.

@@@

**GOOD LUCK PIA AND JEREMY**



Mismong kay 2015 Miss Universe Pia Wurtzbach na nagmula ang pag-amin sa kanyang lovelife.

Ang bagong nobyo ni Pia ay ang Venezuelan businessman na si Jeremy Jauncey.

Four years ang age gap nila, si Pia ay 30 habang si Jeremy, na lumaki sa Scotland at Chief Executive Officer ng isang multiplatform travel content brand, ay 34 naman.

Ibinigay ni Jeremy ang respeto since alam nito na medyo nagdaan si Pia sa sinasabing bigong relasyon.

Ang dating boyfriend ni Pia ay ang half Pinoy car racer na si Marlon Stockinger.

Start ang relasyon last 2016 at masasabing 'on and off' sina Pia at Marlon sa loob ng tatlong taon.

Good luck Pia and Jeremy

@@@

**AMININ!**

Since beauty queen din naman ang ating paksa with boyfriend ang girlfriend, eh how about the real score sa ating 2018 Miss Universe na si Catriona Magnayon Gray.

Unlike Pia na nagsalita na, sinusulat natin ito ay wala pang pag-amin si Catriona sa relasyon kay Sam Milby na binanggit ng aktor.

Aminin!




**(15)**

**MALAKI** ang agwat ng edad ni Lea sa kanya kaya nga ate ang tawag niya rito.

Pero habang kumakain sila ay mas pinagtutuunan ng tingin ni Mikel si Lea.

Sa bahay naman ay halos araw-araw nakakasabay niya sa pagkain subalit balewala lamang kay Mikel.

Nagtataka lamang si Mikel dahil ang lalaking natanaw niya na kausap kanina ni Lea ay medyo bata pa.

Sa pakiwari nga ni Mikel ay halos kaedad lamang niya o kaya naman ay mga dalawang taon lamang ang tanda sa kanya ng lalaking iyon.

Halos kaedad lamang sila ng subalit bakit nakikipagkilala iyong lalaki kay Lea?

Pagkatapos ay ang pagkakasabi pa ay nagagandahan daw kay Lea iyong lalaki.

"Bilib naman ako sa 'yo Ate Lea, ang lakas ng appeal mo. Imagine at crush ka 'nung lalaki."

Hindi rin nakatiis si Mikel at nakapagsalita siya ng ganoon kay Lea.

Nabigla rin naman si Mikel kung bakit niya iyon nasabi kay Lea.

"Ikaw naman Mikel oh! Bakit pangit ba ako? Sige nga ikaw ang tanungin ko."

May kapilyahan naman ang bawat pagsasalita ni Lea dahil napansin niyang bahagyang namumula si Mikel.

Sa klase kasi ng pagsabi ni Mikel ay tila ba may nararamdaman siyang selos.

Alam naman iyon ni Lea, halata niya sa pamumula ng mukha ni Mikel.

Kaya naman inaasar-asar ni Lea si Mikel sa kanyang mga pagtatanong.

"Bakit 'di ka makasagot? Pangit siguro ako sa paningin mo at baka malabo lang ang mga mata 'nung lalaki."

"Siguro kaya nasabi ng lalaki na maganda ako eh kasi mahina ang paningin n'ya."

Wala namang tugon si Mikel, hindi umiimik sa halip ay tinapos na ang pagkain.

"Excuse me!"

Dire-diretso ang subo ni Mikel at pagkainom ng tubig ay biglang napadighay.

Natawa lang si Lea at tinapos na lang din muna ang kanyang kinakain.

"Magsabi ka ng totoo."

**(Itutuloy)**




**(Ika-62 labas)**

**ANG** tinutukoy ng lalaking nagvi-video ay si Jane kaya hirap na hirap makasagot si Bernard.

"Jane ang pangalan ng nobya mong 'to 'di ba? Uulitin ko, kung 'di si Jane ang unang nakatalik mo rito sa Maynila ay sino?"

Grabe na ang kabog sa dibdib ni Bernard sa paulit-ulit na pagtatanong sa kanya ng lalaki.

Naglalaban ang isipan ni Bernard kung magsisinungaling ba o magsasabi ng totoo.

Sakaling magsinungaling man ay hindi rin alam ni Bernard kung sinong babae ang kanyang babanggitin.

Halimbawang mag-imbento man ng pangalan ng babae ay iniisip din ni Bernard na baka mas mapahawak pa sila ni Jane.

"Huling tanong na lamang kaya sumagot ka na. Si Jane ba ang unang sex mo sa Maynila?"

Sukol talaga si Bernard dahil bahagi rin sa mga naitanong sa kanya ang background niya sa Maynila.

Nasabi ni Bernard na pagkadating pa lamang ng Maynila ay diretso na siya kaagad kay Cecile.

Binanggit din ni Bernard sa lalaking may hawak ng video na si Cecile ay kanyang tiyahin.

Ipit na ipit na talaga si Bernard, kung magsasabi ng katotohanan ay maisasagot niyang si Cecile ang kanyang unang sex sa Maynila.

Subalit paano niya iyon masasabi? Kapag sinabi ni Bernard na si Cecile nga ay labis na magugulat si Jane.

Pero iyon naman talaga ang katotohanan, si Cecile nga ang unang sex ni Bernard sa Maynila.

Iyon ay dahil hindi naman kaanu-ano o kamag-anak ni Bernard si Cecile.

Hindi niya tiyahin si Cecile. Hindi siya pamangkin ni Cecile. Ang totoo ay lover silang dalawa ni Cecile.

Ayaw masaktan ni Bernard ang damdamin ni Jane kaya alumpihit siya sa pagsagot.

Pero kailangan na ni Bernard na sumagot lalo at halos ingudngod na ng lalaki ang video sa mukha niya.

Ang pagkakaposas sa kanila ay patalikod at malaya naman ang kanilang mga paa.

Mula sa pagkakaupo ay ubod lakas na bumuwelo si Bernard at biglang tinadyakan ang lalaking may video.

Bumagsak ang lalaki pero maagap na nasapo ang hawak na video.

"Maawa po kayo. 'Wag po, parang awa na n'yo. 'Wag po n'yo akong patayin."

**(Sundan)**

# COVID KAYA APP HELPS DELIVER ACCURATE, REAL-TIME DATA REPORTS

**CALOOCAN CITY (PIA) – To deliver fast, accurate, and real-time data report on COVID-19, the Department of Health (DOH) on Tuesday said it has launched the COVID KAYA application (app) that helps in collecting data and addressing some information gaps relating to COVID-19.**

"Ang COVID-KAYA ay isang electronic case investigation form na ginagamit ng ating mga facilities. Dito ay makakapag-input ang mga facilities ng kanilang detalye regarding sa mga pasyente na maaaring makita ng ibang facilities," DOH Undersecretary Maria Rosario Vergeire said in the Laging Handa Public Briefing.

Vergeire said the COVID KAYA was developed and made by the World Health Organization (WHO) in coordination with the Department of Infromation and Communications Technology (DICT).

She said the system automates data collection system used by frontliners in submitting COVID-19 case data reports.

"Lahat ng ating mga units na gumagawa ng ating case investigation form gaya ng ating mga local government units (LGUs), laboratoryo, or ospital ay nakakapag-input na automated sa sistema na ito," Vergeire said.

Vergeire added that the temporary classification of fresh and late cases is because of COVID KAYA application.

"Dito po natin nakita na meron po tayong newly identified confirmed cases sa line list na kailangan ireport pa rin which we are now tagging as the late cases," Vergeire said.

She said the health department has to check the laboratory's line list to cross validate the existing data they have.

"This would now make our system automated para po nga mas mabilis ang pagbibigay ng impormasyon sa ating publiko," Vergeire said.

The health department said in a statement on Monday that they are working closely with licensed laboratories to speed up the submission of COVID-19 test results.

"When all our laboratories submit consistently their daily reports, and they use the COVID KAYA application, only then can we do close to real-time information sharing between laboratories and the DOH," Vergeire said.

Meanwhile, the DOH said its daily BeatCOVID19 situation report posted in their official social media sites and pages has all the relevant updates including number of cases, laboratory facilities, laboratory capacity, unique tests done, PPE updates, healthcare workers data, and behavioral messages.

"Mahalaga ang pakikipagtulungan sa ating mga laboratoryo upang masigurado na accurate, complete, at timely ang ating datos," Vergeire said.

As of June 1, the DOH recorded 552 additional cases with 119 fresh cases and 433 late cases. This brings a total of 18,638 confirmed COVID-19 cases in the country. The department also reported 960 deaths and 3,979 recoveries. **(PIA-NCR)**

# QC to establish more bike lanes to promote sustainable development

**CALOOCAN CITY (PIA)** -- Making Quezon City a walkable and bikeable city is part of the city government's efforts to promote sustainable development under its current administration's 14-point agenda of governance.

As part of its commitment to sustainable recovery and the global clean air initiative, the Quezon City government announced on the eve of International Bike Day on June 3, that it will develop a network of bike lanes totaling 161 kms throughout the city.

With more workers including healthcare employees relying on bicycles during the ongoing community quarantine amid coronavirus disease (COVID 19), the city government is now working on expanding and improving its bike network across the city.

"This is our priority even before COVID-19 happened, as part of our global commitment in reducing air pollution by 2030. We have to make this quick considering the pressing need for transport during the pandemic, and the bike culture that emerged as a result of this, we are fast-tracking its implementation," Quezon City Mayor Joy Belmonte said.

The city is set to begin construction of the additional bike routes through its Parks Development and Administration Department (PDAD) and the Task Force on Transportation and Traffic Management (TFTTM) in the next few weeks.

From the existing 55 kilometers of bike routes established since 2018, the city plans to extend it to 161 kilometers, almost three times longer than the existing bike routes. The city also plans to upgrade the routes by placing barriers, signages, markers and other necessary infrastructure to ensure the safety of the bike-riding public.

The city will be working with the Move As One Coalition, which has donated bikes to frontliners, in identifying other possible routes, especially those near hospitals and community care facilities that will ease the daily transport struggled of health workers. **(QC PAISD/PIA-NCR)**

# SC junks suit vs. House order on NTC over ABS-CBN franchise

**MANILA** – The Supreme Court (SC) on Tuesday dismissed a petition filed by lawyer Lorenzo Gadon questioning the authority of House Speaker Alan Peter Cayetano to order Commissioner Gamaliel Cordoba of the National Telecommunications Commission (NTC) to grant a provisional authority to operate to broadcast network ABS-CBN Corp. and its subsidiaries and affiliates.

In a statement sent to reporters, the SC Public Information Office said the tribunal dismissed the petition without need for a comment from the other parties, adding that Gadon failed to comply with the requisites for judicial review since he had no legal standing to question the alleged order of Cayetano and House Committee on Legislative Franchises chair, Rep. Franz E. Alvarez to the NTC.

Gadon, the SC said, "is too distant, his interest is too inchoate and speculative, for this Court to responsibly proceed".

The High Court also junked Gadon's plea for a temporary restraining order against Cayetano.

"Having no legal standing, the Court does not deem it efficient to proceed to deliberate on the other issues he raises. The procedural and substantial issues hinted in the petition will better be adjudicated with the real parties in interest," a portion of the SC resolution said.

It added that the filing of cases in the SC is no trifling matter and should never be considered except when all the requisites of judicial review are present.

"It should never be contemplated by one who admits not suffering any legal injury," the SC said, adding that the "overeagerness to file border on the contumacious (and) also puts in unnecessary peril the legal arguments of the person or entity that has an actual case". **(PNA)**

# UP-IAJ, organizations hold webinar series on impact of COVID-19 in judiciary

**CALOOCAN CITY (PIA)** -- The University of the Philippines Institute for Administration of Justice (UP-IAJ), together with co-convenors that comprise the Courts of Appointments Watch (CAW) willl hold on Wednesday, June 3, the second installment of its three-part webinar series #EyesontheCourt: A Court Appointments Watch Webinar Series on the Impact of COVID-19 on Access to Justice and the Judiciary's Role in Shaping the New Normal.

The UP College of Law's Communications Group told the PIA-NCR that the session entitled "Challenges to Rendering Justice During and After the Pandemic" is scheduled from 10:00 a.m. to 11:30 a.m. via Zoom.

Following up on its first episode that laid down the access to justice issues and how the pandemic has exacerbated the situation, CAW shall have the Honorable Marvic Mario Victor F. Leonen, Associate Justice of the Supreme Court as the resource speaker for the second #EyesontheCourt webinar. This initiative by CAW aims to tackle the impact of COVID-19 on access to justice and the judiciary's role in shaping the new normal.

#EyesontheCourt seeks to generate heightened engagement of the public on judicial issues and contribute to a judicial leadership that is grounded on issues and is able to connect to its constituency in order to address access to justice issues effectively.

The online seminar is organized by CAW composed of the Alternative Law Groups (ALG), University of the Philippines Institute for the Administration of Justice (UP IAJ), Philippine Association of Law Schools (PALS), Association of Law Students of the Philippines (ALSP), Philippine Center for Investigative Journalism (PCIJ), and Judicial Reform Initiative (JRI) with the support from The Asia Foundation (TAF) and the Department of Foreign Affairs and Trade (DFAT) of the Australian Government.

Interested participants can register via at https://form.jotform.com/201492160841449. Registration is open until June 2, 2020 6:30 p.m. **(PIA NCR)**


Classic Savory SM City Trece Martires is now open for take-out and delivery







Have it delivered straight to your homes DIRECT via SM Cavite Community Riders: bitly: **https://bit.ly/CaviteRiders**
Join our growing Viber Community group : bitly: **https://bit.ly/SMSupermallsCavite**

*SA IKA-100 ARAW NG MIDCC SA STA. ANA HOSPITAL...*

# MGA PASYENTENG GUMALING SA COVID-19, HIGIT 100 NA RIN

**DAHIL sa naging ika-100 araw ng pagkakatatag ng Manila Infectious Disease Control Center (MIDCC) sa Sta. Ana Hospital sa Maynila, nasa mahigit 100 bilang ng mga pasyente ang napagaling dito dulot ng sakit na COVID-19.**

Ito ang sinabi ni Manila Mayor Francisco isko Moreno Domogoso kasabay ng isinagawang "turn-over ceremony" ng ikawalong quarantine facility na itinayo sa loob ng San Andres Sports Complex na matatagpuan sa Distrito 5 ng nasabing lungsod.

Nagpasalamat si Isko sa mga health workers kabilang ang mga doctor at nurses sa Sta. Ana hospital dahil sa kabila ng delikadong misyon nila, patuloy nilang ginagampanan ang kanilang responsibilidad lalo na ngayong panahon ng krisis.

Sinusulat ito ayon sa datos ng nasabing hospital, umabot na sa 106 kabuuang bilang ng mga pasyente ang tuluyang gumaling sa sakit na COVID habang ang may 24 health workers na napabilang sa kumpirmadong kaso ng nasabing sakit ay nasa 22 na ang gumaling at tuluyan nang nakarekober.

Nagkaroon ng maikling programa sa Sta. Ana Hospital – MIDCC bilang "Araw ng Pasasalamat".

Ayon pa kay Domagoso, isa o dalawang linggo mula ngayong araw ay magkakaroon na ang pamahalaang lungsod ng sariling RT-PCR testing laboratory sa Sta. Ana Hospital na itinuturing na "long term plan" ng lokal na pamahalaang laban sa COVID-19.

Ang mga naturang pahayag ay sinabi ni Domagoso kasabay ng pagpapasinaya sa ikawalong quarantine facility sa San Andres Sports Complex na may 60 bed capacity.

Nagawa din pinasinayaan ang ikapitong quarantine facility sa P. Gomez Elementary School at nauna nang binuksan ang ilan pang pasilidad sa Dapitan sports complex, Delpan Complex, Araullo High School, Tondo High school, T. Paez Highschool at Arellano Highschool.

Umaabot na sa mahigit 360 bed capacity ang kayang mapaglaanan ng mga suspected at probable case sa lungsod.

"Ang pangarap natin ay 12 quarantine facility sa buong Maynila ang itatayo. Naka-walo na tayo, apat na lang na quarantine facility." ani Domagoso. **(leonard basilio)**

# P250-M ikinasa ng LandBank para sa 'study now, pay later' program

**LUNGSOD PASIG (PIA)** -- Inaprubahan na ng Land Bank of the Philippines (LandBank) ang P250-milyong loan sa ilalim ng P3-bilyong credit assistance fund nito na nakalaan para sa mga pribadong paaralan na sasali sa "study now, pay later" scheme sa pagbabayad ng matrikula ng mga mag-aaral na apektado ng COVID-19 pandemic.

Sa Laging Handa Public Briefing ng Presidential Communications Operations Office (PCOO), ibinalita ni LandBank president at chief executive officer Cecilia Borromeo, na ang naturang loan na inaprubahan ng bangko ay para sa isang malaking pribadong eskwelahan na sumali sa ACcess to Academic Development to Empower the Masses towards Endless Opportunities o ACADEME program ng bangko.

"Meron na hong mga paaralan na lumapit sa LandBank, katunayan meron na kaming in-approve na P250 million sa isang malaking school," pahayag ni Borromeo.

Sa ilalim ng ACADEME program, ang LandBank ay magbibigay ng credit funding sa mga private school at non-DepEd high schools, mga private technical-vocational and education training (TVET) institutions, at private higher education institutions o HEIs.

Hatid ng programa, ang mga qualified borrower ay maaaring mangutang nang hanggang 70% ng kabuuang katumbas na halaga ng kanilang promissory note, na ibinigay ng magulang o guardian ng estudyante sa loob ng isang semester. Ang loan ay may pataw na 3% interest rate kada taon, na dapat bayaran sa loob ng tatlong taon.

"Ibibigay po namin itong pangutang na ito sa mga schools para makapag-offer sila ng 'study now, pay later' sa kanilang mga estudyante. Ang magiging borrower o manghiram mula sa LandBank ay ang mga pribadong paaralan or educational institutions," ani Borromeo.

"Ang mga magulang at guardian ng ating mga estudyante o mag-aaral ay maaring manghiram sa mga private schools na ito para 'yung mga schools naman na 'yan ay pupunta sa LandBank at ipa-rediscount nila 'yung mga promisory notes ng kanilang mag-aaral," dagdag pa niya.

Magugunita na nanuna nang iniutos ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte sa LandBank na umasiste sa mga mag-aaral at pamilyang tinamaan ng lockdown dahil sa COVID-19. **(PIA NCR)**

# Army reserve units play critical roles amid Covid-19

**MANILA** – The Philippine Army (PA) said it will ensure that the capabilities of the Army Reserve Command (Arescom) will be preserved and sustained during the ongoing coronavirus disease 2019 (Covid-19) pandemic.

Philippine Army (PA) commander Lt. Gen. Gilbert Gapay made this assurance as he lauded the unit for the critical role it is playing in nation-building during his visit to Arescom headquarters in Camp Riego De Dios, Tanza, Cavite on Wednesday.

"Transitioning to the new normal, we shall also preserve and sustain the capabilities of the Force through aggressive Covid-19 information campaign, responsive health-related programs, and security and logistics support to various government programs," he said.

Gapay also met with Arescom personnel led by Maj. Gen. Peale Jon Bondoc to convey his guidance on strengthening the Army's reserve component.

As a combat service support unit, Arescom administers the recruitment, training, and management of Army reservists in the country who will provide support in socio-economic development, environmental protection, and disaster and rescue operations.

In the past five months, Arescom has provided 929 development related initiatives and humanitarian assistance and disaster response operations including evacuation assistance, repacking, and distribution of relief goods during the Taal Eruption, Typhoon Ursula, and the current Covid-19 crisis.

In line with the PA modernization efforts, Arescom further developed the Ready Reserve and Reserve Officers Training Corps (ROTC) units; the Arescom Training School; and provisionally activated the 1st Community Defense Brigade.

It has also institutionalized school and university-wide recruitment of ROTC cadets.

"By aiming to be the future Army, Arescom is on the right track. By practicing excellence, we will all win," Gapay said.

The Reserve Force's mission is to provide a base for the expansion of the Armed Forces of the Philippines in the event of war, invasion, and rebellion, or during national emergencies.

Reserve components are also tasked to assist in relief and rescue operations during disaster or calamities, in socio-economic development, and in the operation and maintenance of essential government or private utilities in the furtherance of the overall mission as stated in Republic Act. No. 7077 or the Citizen Armed Forces of the Philippines Reservist Act. **(PNA)**

# Higit na pag gabay sa kabataan sa panahon ng quarantine, payo ng POPCOM-NCR sa mga magulang

**LUNGSOD PASIG (PIA)** --Dahil sa pinaiiral na community quarantine bunsod ng pandemya ng corovirus disease, maraming kabataan ang ginugugol ang kanila panahon sa pag gamit ng internet.

Dahil dito, may mga pagkakataon na nae-expose sa online pornography at maaari din silang maging biktima ng online violence, risky online behaviors, cyberbullying, at iba pa.

Dahil dito, nagpayo ng Commission on Population and Development (POPCOM-NCR) sa mga magulang na higit na gabayan ng kanilang mga anak sa mga aktbidad na pinagkakaabalahan ng mga ito lalo na sa panahong naka quarantine ang komunidad.

Ilan sa mga tips na maaaring gawin ng mga magulang ay ang pag-limita sa mga bata sa paggamit ng gadgets.

Naaayon din na samahan ng mga magulang ang kanilang anak habang gamit ang computer o cellphone.

Payo rin ng POPCOM-NCR sa mga magulang na siguraduhing akma sa edad at kanilang pag-unlad ang pinapanood at binabasa.

Mahalaga rin na protektahan ang mga bata sa pang-aabuso na maaaring maranasan online.

Paalala ng ahensiya na higit na mahalaga na pag gabay, ang pagtuturo ng mga wasto may quarantine man o wala. **(POPCOM NCR/PIA-NCR)**




# Summer Romance, Banderang tapos!

Sa naganap na pakarera sa pista ng Metroturf ay hindi pinaalagwa ng hineteng si Ryan Jay Tabor ang kabayong si Batang Evalom sa kanyang natural na ayre sa alisan dahil naglaan siya ng lakas laban sa paborito sa lahat na si Dancer's Image ni John Alvin Guce, kaya pagsapit sa 400 meters ay may lakas pang naibuga ang sakay ni Ryan Jay. Nakabawi naman si John Alvin sa kasunod niyang sinakyan na si Condessa sa pangalawang takbuhan. Sumegunda sa kanila ang rumemate sa tabing balya na si Batang Novaliches at tumersera si Crowned Price ni Bodjie Henson. Marami pang nailabas pagpasok sa rektahan ang kabayong si Sheltex Magic na nirendahan ni Deo Fernandez kahit pa nagkaroon sila ng maagang bakbakan sa unahan sa dikit na kalaban sa bentahan na si Ginuhit Ng Tadhana ni Onyok Garcia. Sa sumunod na takbuhan ay hindi na pinaporma pa ni Jommel Lazaro ang mga kalaban lulan ng kabayong si Go Marty Go na bumanderang tapos. Binigo nila ang outstanding favorite na couple entry na sina Top Attraction ni Bodjie Henson at Barrio San Jose ni Sadam Pilapil. One- two position naman ang tinapos ng Stable mate na sina Superal ni Christian Pilapil at Alim's Joy ni Jesse Guce kasunod ang top choice na si Boy Paradise ni Jeff Bacaycay. Samantala, sa ikli ng distansiya at sa angking tulin sa arangkadahan ay bumanderang tapos ang kabayong si Summer Romance na sinakyan ni Jesse Guce laban sa paborito sa lahat na si Shanghai Grey na tila may hindi tamang nagawang diskarte ang nagdala sa kanya na si Unoh Hernandez dahil nagkaroon ng kalaban na nakatabi sa gawing kanan nila. Menos kasing manakbo si Shanghai Grey kapag natatapalan o may kalaban na makakatabi sa kanan niya, Kaya dapat na maipuwesto siya kaagad sa gawing labas habang maaga pa lamang upang manakbo ng maganda kapag maibigay ang talagang hilig niya sa puwestuhan.

# MEKANIKO NAGTAMO NG 'MALA-PACMAN' NA SUNTOK, TEPOK

**HINDI kinaya ng isang 50-anyos na mekaniko ang tila 'Manny Pacquiao' na suntok na dumapo sa kanyang mukha mula sa nakaalitang tricycle driver na nagresulta sa kanyang kamatayan sa Imus City, Cavite.**

Dead on arrival sa South East Asian Medical Center ang biktimang si Jose Jerito Eva, balo, ng Block 23 Lot 36 Parang St., Brgy Magdalo, Imus City, habang arestado naman ang suspek na si Mark David Domanog, 26, binata, ng B26 L30 Benitez St., Los Pinos Subd Bahayang Pag-Asa Pasong Buaya 2 Imus City.

Sa ulat ni PSSgt John Carlo Punzalan, ng Imus City Police Station, dakong ala-1:20 ng madaling araw nang napansin na seryosong nag-uusap ang dalawa sa kahaban ng Barangay Pasong Buaya 2.

Ilang sandali pa nang narinig na lamang ang mainitang pagtatalo ng dalawa hanggang sa suntukin ng suspek ang biktima sa mukha na ikinabagsak ng huli.

Agad namang nirespondehan ang biktima at isinugod sa ospital subalit idineklara itong dead on arriva habang inaresto naman ang suspek. **GENE ADSUARA**

# Chief tanod, 2 bebot; swak sa droga

**SWAK** sa kulungan ang hepe ng mga tanod at dalawang bebot matapos nasamsam ang mahigit P40K halaga ng shabu sa isinagawang buy bust operation sa Cavite City.

Kasong paglabag sa RA 9165 ang kinaharap ng mga suspek na sina Elmer Samson, 64, chief tanod ng brgy 15, Cavite City at residente ng 282 Espiritu St., Brgy 15, Cavite City; Michelle Rodriguez, dalaga, on line seller , ng 750 Esteban St., Brgy 23, Cavite City; at Rodesita Bordallo, alias "Sweet", 35, dalaga, vendor, ng Aplayang Munti, Barangay 10A, Cavite City.

Sa ulat ni PSSgt Elie Galit, ng Cavite City Police Station, nagsagawa ng buy bust operation ang mga operatiba ng Station Drug Enforcement Unit (SDEU) ng Cavite CPS sa Brgy 15 kung saan naaresto sina Samson at Rodriguez at nasamsam sa kanila ang tinatayang P5.75 gramo ng shabu na may street value na P39,100.

Dakong alas-6:40 ng gabi ay nagkaroon ng follow up operation ang mga operatiba ng SDEU ng Cavite CPS sa Brgy 10A na nagresulta sa pagkakaaresto kay Bordallo at nasamsam ang tinatayang 1.05 gramo na may street value na P7,140.

May kabuuang P46,240 halaga ng shabu ang nasamsam sa magkahiwalay na operasyon.

Ang tatlo ay kasalukuyang nakakulong sa Cavite Custodial Center. **GENE ADSUARA**



**ARESTADO** sina Cornelia Guevarra at Therasa Castro, kapwa nakatira sa Gatchalian Subd., Brgy. San Dionisio, sa isinagawang buy bust operation at nakumpiskahan sa kanila ang apat na plastic sachet ng shabu. Ang seizing officer ay si Pcpl Herson Caparurias, ng SDEU PNP-P'que City Police. **(JIMMY HAO)**

# Pamangkin, kinasuhan ng tiyuhin

**HINDI** pinalampas na turuan ng leksiyon ng isang 52-anyos na mekaniko ang kanyang binatang pamangkin nang paluin siya ng matigas na bagay sa ulo dahil sa away ng kanilang pamilya sa Bacoor City, Cavite.

Kasong physical injuries ang isinampa ni Ronie Pamaran, may-asawa, ng 108 Niog St., Brgy Talaba 1, Bacoor City, laban sa kanyang pamangkin na si Roustan Emmanuel Adlawan, 20, estudyante, ng 443 Niog St., Talaba 1, Bacoor City.

Sa ulat ni PSSgt Mark Fancis Cortez, ng Bacoor City police Station, dakong alas-7:00 ng gabi nang nagpanagpo ang magtiyuhin sa Brgy Maliksi 1 ng naturang Lungsod kung saan naungkat ang matagal ng alitan ng kanilang pamilya.

Dito nagtalo ang dalawa hanggang sa nagkaroon ng mainitang pagtatalo at paluin ng suspek ang kanyang tiyhin ng isang maigas na bagay sa ulo.

Inaresto ang binata at desidido ang kanyang tiyuin na sampahan ng kaso upang turuan ng leksiyion. **GENE ADSUARA**

# Gwardiya nahulog sa rooftop, patay

**NASAWI** ang isang 24-anyos na security guard nang mahulog mula sa rooftop ng isang kumpanya nang naapakan nito ang isang pastic na bubong sa Silang, Cavite.

Inilipat sa UMC Hospital ang biktimang si Jake Manaligan, tubong Negros Occidental, naka-duty sa Taifini Company Inc at residente ng Navarro Brgy San Gabriel, General Mariano Alvarez (GMA), subalit idineklarang dead on arrival.

Sa ulat ni PSMSgt Glenn Soriano, ng Silang Municipal Police Station, dakong alas- 9:00 Martes ng umaga nang umakyat ang biktima sa rooftop ng Taifini Company Inc., na matatagpuan sa Brgy Maguyam, Silang, dahil hinahanap nito ang isa sa mga maintenance ng kumpanya.

Pero habang naglalakad ito sa rootop nang hindi nito napansin na naapakan nito ang isang plastic na bubong dahilan upang mahulog at bumulusok ang katawan nito sa sementong sahig sa loob ng nasabing kumpanya.

Unang isinugod sa Saint Mazenod Hospital sa Silang Cavite subalit dakong hapon nang iilipat ito sa ospital sa Dasmarinas kung saan idineklarnag dead on arrival. **GENE ADSUARA**

# HANEP
Basahin Mo Ito!

## KALIBRE

ROMY SANTOS
0977-7844136



## Walang matibay

**UNANG** araw ng general community quarantine sa Maynila.

Napadaan ako ng Sta. Cruz at umakyat ng tulay pababa ng Lawton.

Madaling araw pa lamang, mag-aala-singko ng umaga at habang bumabaybay ay nadaanan ko sa kahabaan ng ibabaw ng tulay ang hilera ng mga taong-lansangan.

Mga nakahiga at himbing pa sila sa kanilang pagkakatulog na tanging karton lamang ang mga sapin.

Sinu-sino ang mga taong ito at bakit doon lamang sila natutulog?

Dala ng kahirapan kaya hindi nila alintana ang banta ng coronavirus-19.

Masasabi ba nating hindi sila takot sa covid-19 o tipong 'bahala system' lamang ang kanilang mentalidad.

Silang mga natutulog sa tulay o kahit sa mga bangketa ay likas na walang kinatatakutan.

Sa covid-19 nga ay tila wala silang 'paki' eh iyon pa kayang ibang uri ng sakit.

Hantad na hantad sila sa hamog at mga lamok dagdag pa ang ibang hayop o insekto.

Ang naturang tulay ay hindi kagaya ng sa Jones Bridge na maliwanag kaya nariyan din ang banta ng disgrasya.

Alam naman natin na kapag alanganin o dis-oras ay may ilang tsuper na medyo napapapikit nang bahagya habang nagmamaneho.

Sa kanilang kalagayan, natural ay hindi na uso sa kanila ang paggamit ng alcohol.

Uunahin pa ba naman nila ang alcohol kesa sa pagkain, siyempre hindi.

Maaaring nagsusuot naman sila ng facemask sa araw o umaga pero tiyak na paulit-ulit nilang ginagamit iyon.

Kung washable man ang facemask ay uunahin din ba naman ang sabon at tubig na gagamitin para malabhan.

Habang marahan sa aking pagmamaneho na pinagmamasdan sila ay marami talagang katanungan ang pumapasok sa isip ko nang mga oras na iyon.

Nasa kanila ba ang pagkakasala at nasadlak sila sa ganoong sitwasyon?

Kasalanan ba na sila ay naging sobrang mahirap?

Pwede bang sisihin dito ang gobyerno?

Sa huli ay bumulong na lamang ako at nanalangin na sana ay mailigtas sila sa iba't ibang klase ng sakit lalo na ang covid-19.

Bukambibig nga 'di ba ngayon na matira ang matibay.

Sa ganang akin, hindi ang matibay ang matitira.

Bagkus ang matitira ay iyong sadyang hindi pa nakalaan upang bawiin ng Panginoon ang buhay.

Wala naman kasi talagang matibay dahil ang hiram na buhay ay may takdang panahon para sa pagbawi.